

PAGPAPAKILALA

Ma. Cecilia D. Dela Rosa

pagpapakilala

i

ang sakit ko'y
mga bagay-bagay
bahay eskinita tricycle
dyip MRT kalsada gusali
elevator sahig istrukturang
nakadagan sa dibdib
makina sa kukoteng
matrapik mausok maalikabok
na lungsod matao
maaaring tao mismo
o parte ng katawan ng tao

ii

ito ang mga sabit sa dyip
ang pwet kong nakaupo-hindi
sa upuang siyaman
tren ito na laging siksikan
kung lumuwag man saglit lamang
ang sakit ko'y ang kamay na hindi
maibaba sa tagiliran ngunit hindi rin
makaabot sa handrail
pinto itong ayaw magsara
dahil nakalawit pa ang kaliwang paa
ng huling nagpumilit na pasahero
paminsan riles itong nakangiti

iii

ito ang bisita kong
magpapaalam nang aalis
pero sa tuwing lalapit sa pintuan
biglang bubuhos ang ulan
at wala siyang payong
kaya makikiusap kung
maaring makitulog pang muli
hanggang kinabukasan

iv

kaya ako na marunong
tumakbong patingkayad
kahit nababasa ang binti
sa tilamsik at maliliit na lawa
ang babangon ngayong umaga
para pumasok sa opisina
ako na maliit ang siyang dadagan
sa mga istruktura makina lungsod
hahayaang nakaangat ang palda
sa siksikan ng mga pasahero
hahayaang maipit habang nakapikit
at umiidlip habang hindi maglapat sa sahig
ang parehong paa hahayaang hindi magsara
ang lahat ng nakabukas
at pananaginipang daan-daan naman
kaming mahuhuli sa trabaho ngayong araw

Kaso hindi'yun lungkot

Pinakamadaling tulaan ang lungkot
Sabihin mo lang ang salita, lungkot
Ay bubuntung-hininga na ang mundo
Iikot ang himpapawid na parang
Tinatugtog ang isang Badalamenti
Kahit wala namang mga puno
At mga bakuran sa Krus na Ligas
Gigising kang makata dahil natulog
Kang tumutula. Tapos maririnig mo
Ang kwento ng bangungot ng iba.
Itutula mo para gumanda,

Nag-aral tayong tumula para maging makata

Nag-aral tayong tumula para maging makata
kaya nang lumabas tayo ng kwarto
at muling makita ang lupa, ang una nating naisip
ay ang mga halamang napatubo sa papel.
Dinampot muli natin ang panulat at nagpasikat
ng araw sa ibabaw ng bukirin, nagbuhat
din tayo ng bundok nang may
mapangalumbabahan ang araw
at tayo ri'y may mapagkublihan.
Tayo mismo'y nangalumbaba sa bundok
gawa ng pagkamangha sa isa't isa.
Kung bakit wala ni isa sa atin ang nakaalala
na dumampot ng pala, tayong mga bihasa na
sa paghukay ng sariling libingan.

Pagpapakilala

Kahit naman sa pagpapatiwakal
kailangang bumangon muna't hanapin
ang bagay na tatapos sa lahat
kaya ka nakatayo't naghahasa ng kutsilyo
noong abútin ng buryong at mapalington
sa rice cooker na may bahaw. Wala na
palang bawang. Nakapa mo sa bulsa
ang singkwenta, lamukot at nanigas na.

Alam mong hahakbang ka rin kung gayon
palayo sa lababo, lampas sa pintuan,
diretso sa eskinitang sikip sa kinamadang
mga sako ng semento at sa mga
pahinante ng kalapit na hardware
na tulad mo, Bikolano.

Lagi kang may katulad,

maliwanag. Sa dulo ng eskinita
may napadaang lolo, nakabisikleta
may ulam sa kargadera, matatakam ka
sa kulay ng mga gulay sa bangketa
may pila na ang spaghetti at pansit,
'yung lola sa isang kanto, nagbebenta
ng tsitsiryang mamimiso. Pagbilhan,
sa sari-sari store, monotono ang boses mo.
Masigla ang sa tinderero. Nagpahabol
ka ng Ligo, 'yung maanghang.

Nagmaktol ang gutom, nagmamadali,
'di mo na tuloy binilang ang sukli.
May mukha nang muli ang nadaraanang pauwi.
Kumaway ka pa sa kakilalang kumakain
sa Blue House. Kakain ka, kakain din
ng agahan, tanghalian, hapunan
matutulog at babangon muli kinabukasan.
Ang Lt. J. Francisco'y sikmurang lumalaban.
Amoy mo nang natutusta ang kuyom-kuyom na bawang.

Casa de Azul

'Di ako makatulog
Kakaisip sa aking bakuran
Mga bulaklak at gulay
At upuan sa ilalim ng bayabas
Isang bahay na tulad
Ng kay Frida at Diego
Bughaw, dalawang palapag
May tulay sa gitna
Sa baba'y matataas na halaman
Bawat sulok may sining
Bawat sining, pahinga
Sa hapon matutulog akong
Parang paslit, yapos-yapos
Ang laruang sa wakas
Nasungkit din sa perya
Sa gabi'y tulad ngayon,
Lihim na hardin.